Mga Bakuna Laban sa COVID-19: Alamin ang mga Katotohanan

KATOTOHANAN: Hindi ka magkakaroon ng COVID-19 dahil sa mga bakuna laban sa COVID-19.

Wala sa awtorisadong bakuna sa COVID-19 o kasalukuyang dini-develop sa Estados Unidos na bakuna sa COVID-19 ang naglalaman ng live virus na COVID-19.

KATOTOHANAN: Hindi magiging sanhi ang mga bakuna laban sa COVID-19 upang magpositibo ka sa pagsusuri sa virus na COVID-19.

Hindi ka magpopositibo sa mga pagsusuri dahil sa mga bakuna, na ginagamit kung mayroon kang **kasalukuyang impeksyon**.

KATOTOHANAN: Maaari pa ring makinabang mula sa pagpapabakuna ang mga taong nagkasakit na ng COVID-19.

Sa panahong ito, hindi alam ng mga eksperto kung gaano katagal na protektado ang isang tao mula sa pagkakasakit muli pagkatapos gumaling mula sa COVID-19. Magkakaiba sa bawat tao ang imyunidad sa sakit na nakakamit ng isang tao mula sa pagkahawa (natural na imyunidad sa sakit). Iminumungkahi ng mga naunang ebidensya na maaaring hindi gaanong magtagal ang natural na imyunidad mula sa sakit.

KATOTOHANAN: Makatutulong ang pagpapabakuna upang maiwasan ang pagkakasakit dahil sa COVID-19.

Walang paraan upang malaman kung paano ka maaapektuhan ng COVID-19. Kung magkasakit ka, maaari mo ring maipasa ang sakit sa mga kaibigan, kapamilya, at iba pang taong nasa paligid mo habang maysakit ka. Tumutulong ang pagbabakuna laban sa COVID-19 upang protektahan ka sa pamamagitan ng paglikha ng isang antibody na pagtugon nang hindi kailangang makaranas ng pagkakasakit.

KATOTOHANAN: Ang pagtanggap ng bakuna sa COVID-19 ay hindi babaguhin ang iyong DNA.

Ang mga bakunang mRNA COVID-19 (Pfizer at Moderna) ay tinuturuan ang ating mga cells kung paano lumikha ng protina na magpapalakas ng immune response. Ang viral vector na bakuna sa COVID-19 (Johnson & Johnson) ay gumagamit ng pinahusay na bersyon ng isang ibang virus (ang vector) para ihatid ang mahalagang tagubilin sa ating mga cells. Ni alinman ay nakakaapekto o may-kaugnayan sa ating DNA sa anumang paraan.

Hinango mula sa Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention).

Marso 8, 2021